BIF Beratungsstelle für Frauen
gegen Gewalt in Ehe und Partnerschaft

Tel. 044 278 99 99
info@bif.ch

TL*

# IMPORMASYON PARA SA KABABAIHAN HINGGIL SA PAKIKIPAGHIWALAY AT DIBORSYO SA KASO NG:

## MAG-ASAWA

## NAKAREHISTRONG PAGSASAMA NG MAGKA-PAREHONG KASARIAN

## NAGSASAMA NA HINDI KASAL

* Ang dokumentong ito ay isinalin sa 16 na wika

“Gusto kong matigil ang karahasan at gusto kong marespeto”

## MGA NILALAMAN


Gusto kong makipaghiwalay sa kanya. Ano ang dapat kong gawin? 3

Magkano ang magagastos sa paglilitis ng kasunduan at sino ang magbabayad sa abogado? 3

Ano ang maaari kong makamit na kaayusan sa paglilitis ng kasunduan? 3

Paano kung lumala ang sitwasyon ng pang-aabuso kung malaman niya na gusto kong makipaghiwalay? 3

At ano ang mangyayari kung kailangang mabilis ang proseso ng paghihiwalay? 3

Sino ang may karapatan sa bahay? 3

Kanino sasama ang mga anak? 3

Gaano kadalas mapapayagang makita ng asawa ko ang aming mga anak? 4

Saan kami aasa ng ikabubuhay? 4

Maaapektuhan ba ng aming paghihiwalay ang aking residence permit? 4

Ano ang mangyayari sa paglilitis ng kasunduan? 4

Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako sang-ayon sa desisyon ng korte? 4

Mas makabubuti ba sa akin na humingi ng kagyat na diborsiyo? 4

Ano ang maaari kong gawin kung ako ay pinilit sa pagpapakasal? 5

Anong proseso ang maaari kong sundin upang isawalang-bisa ang registered partnership? 5

Kami ay nagsasama na hindi kasal at nais kong makipaghiwalay 5

Mga importanteng address 5

Impressum 6

## GUSTO KONG MAKIPAGHIWALAY SA KANYA. ANO ANG DAPAT KONG GAWIN?

Maaari mong simulan ang pansamantalang hakbang at hiling ng pakikipaghiwalay (Form ukol sa Mga Hakbang sa Proteksyon ng Asawa) sa lokal na hukuman sa iyong distrito (hanapin sa www.gerichte-zh.ch). Maaari mo itong simulan na mag-isa, o sa pamamagitan ng abogado. Hanggat maaari, dalhin ang mga sumusunod na dokumento sa pagbista o panimulang pulong sa abugado:

- mga dokumento kaugnay ng iyong sitwasyong pinansiyal (halimbawa, deklarasyon at resibo ng buwis sa huling dalawang taon, resibo ng iyong sweldo, mga resibo ng iyong mga regular na gastos, bank account statement sa huling tatlo hanggang anim na buwan)
- mga naitalang kwento o datos ng kasaysayan ng relasyon (importanteng datos at pangyayari tulad ng karahasan ng asawa, medical records, iba pang dokumento tungkol sa mga kriminal na paglilitis, o mga hakbang sa proteksyon laban sa karahasan)

## MAGKANO ANG MAGAGASTOS SA PAGLILITIS NG KASUNDUAN AT SINO ANG MAGBABAYAD SA ABOGADO?

Kung ikaw ay kapos sa pambayad, ikaw o ang iyong abogado ay maaaring humiling ng libreng suportang legal (Petisyon). Kapag ito ay ipinagkaloob, babayaran muna ng gobyerno ang korte at mga abogado. Sa panahong bumuti ang iyong pinansyal na kalagayan, hihilingin ng korte na mabayaran mo ang mga gastos sa loob ng sampung taon. (leaflet)

Kung may kakayanan kang bayaran ang abogado, makipag-ugnayan sa opisinang tagapayo o abogado upang alamin ang gastos sa paglilitis ng kasunduan (settlement proceedings).

## ANO ANG MAAARI KONG MAKAMIT NA KAAYUSAN SA PAGLILITIS NG KASUNDUAN?

Pagdedesisyunan ng hukom ang mga sumusunod na usapin:

- alokasyon ng bahay (matrimonial home)
- kanino igagawad ang pag-aaruga sa mga anak
- karapatan sa pagdalaw ng isang magulang
- kontribusyon sa gastos ng mga anak
- hatian sa mga ari-arian ng mag-asawa

## PAANO KUNG LUMALA ANG SITWASYON NG PANG-AABUSO KUNG MALAMAN NIYA NA GUSTO KONG MAKIPAGHIWALAY?

Kapag ang iyong asawa ay marahas sa iyo o sa iyong mga anak, o nagbabantang maging marahas, maaaring magbigay ang pulisya ng proteksyon lalo na sa mapanganib na sitwasyon (GSG Brochure). Maaaring ipag-utos ng pulis ang pagpapaalis sa iyong asawa sa bahay, o ipagbawal siyang lumapit sa iyo sa pamamagitan ng territory ban/restraining order sa loob ng 14 na araw. Sa loob ng walong araw ng panahong ito, maaari ka ding humingi ng hanggang tatlong buwan na restraining order (www.ist.zh.ch). Maaari kang humingi ng libreng payo sa mga support center na walang nakakaalam. Itong tatlong buwan ay sapat nang panahon para makakuha ng ligal na pakikipaghiwalay. Kung ikaw ay natatakot pa rin na patuloy kang pagbabantaan ng iyong asawa sa kabila ng protective measure, maari kang humingi ng contact ban o district ban (protection of legal personality according to Swiss Civil Code of Conduct 28 b) sa hukumang distrito. Ito ay maaaring isabay sa paghingi ng pakikipaghiwalay. Makipagkonsultahan sa isang abogado o sa aming opisina para sa usaping ito. Nagbibigay ng kumprehensibong proteksyon ang mga bahay-tuluyan kung natatakot ka na hindi sumusunod sa restraining order ang iyong asawa. (www.frauenhaus-schweiz.ch).

## AT ANO ANG MANGYAYARI KUNG KAILANGANG MABILIS ANG PROSESO NG PAGHIHIWALAY?

Maaari kang mag-apply para sa mga pansamantalang hakbang na ipagkakaloob sa paglilitis ng kasunduan (settlement proceedings). Para gawin ito, kailangan kang magpakita ng mga katibayan ng karahasan at kagyat na dahilan ng aplikasyon. Ang korte ay magsisimula -ngunit mabilis- na magdedesisyon sa mga puntong ito, tulad din ng sa paglilitis ng kasunduan. Mataas ang mga rekisito ng probisyunal na hakbang. Pakiusap na makipag-ugnayan sa victim advice centers o sa abogado bago isagawa ang hakbang na ito.

## SINO ANG MAY KARAPATAN SA BAHAY?

Kadalasan, kung sino ang higit na nangangailangan - ang magulang na umaako ng pag-aaruga sa mga anak pagkatapos ng hiwalayan- ang gagawaran nito. Gumawa ng application para sa mga sumusunod kung nais mong manatili sa bahay for warrant:

- Kailan aalis ang iyong asawa (mula sa ilang araw hanggang dalawang buwan). Kung may batayan ka sa paniniwalang hindi boluntaryong aalis ang iyong asawa, humingi ka ng kapangyarihang magpalayas mula sa opisina ng mayor.
- Ipabalik ang lahat ng mga susi sa bahay para hindi makapasok ang iyong asawa nang wala kang pahintulot. Palitan ang mga kandado ng bahay kung hindi mo tiyak na naibalik ang lahat ng susi o nararamdaman mong may nagbabanta pa rin sa iyo.

## KANINO SASAMA ANG MGA ANAK?

Ang magulang na pangunahing responsable sa personal na pag-aalaga sa mga anak at nakatitiyak na magpapatuloy ito. Ang hukuman ang mismong magtitiyak ng pinakamainam na lugar para sa kapakanan ng mga anak. Ang mga magkakapatid ay karaniwang pinagsasama sa iisang bahay. Maaaring

tanungin ang mga mas nakatatandang anak (anim na taon o mas matanda) kung kanino nila gustong sumama.

## GAANO KADALAS MAPAPAYAGANG MAKITA NG ASAWA KO ANG AMING MGA ANAK?

Ang magulang na hindi pinagkalooban ng pangangalaga (custody) ay may karapatang makipag-ugnayan sa mga anak. Maaari kayong gumawa ng kasunduan ng iyong asawa na aaprubahan ng hukuman. Sa kasong hindi kayo magkaisa, karaniwang ang hukom ang mag-uutos ng mga sumusunod na patakaran para sa mga bata sa murang gulang: Dalawang Sabado o Linggo (Sunday) kada buwan. Para sa mga nag-aaral na bata: dalawang weekends kada isang buwan at dalawang linggong bakasyon kada isang taon. Siguraduhin na napapagkasunduan ang mga oras ng pagpasa ng mga bata para sa mga araw ng bakasyon gaya ng Easter, Whitsun at Pasko.

Kung patuloy (o paparami) ang pananakot o pang-aabuso sa iyo o sa mga bata ng iyong asawa sa panahon ng pagpasa sa mga bata, maaari mong igiit ang karapatan ng pagdalaw na may ibang kasama o suporta sa panahon ng kanyang pagbisita. Ang pagsasawalang-bisa ng karapatang ito ay maibibigay lamang kung ang mga bata ay nasa malubhang kapahamakan.

## SAAN KAMI AASA NG IKABUBUHAY?

Maaaring abutin ng ilang linggo o buwan bago magkaroon ng bisa ang hatol ng hukuman sa usapin ng pantustos sa mga gastusin. Upang makasigurado, magrehistro sa Serbisbyong Panlipunan (Social Welfare Service). Ikaw ay may karapatang makatanggap ng tulong-pinansyal mula sa estado. Kung ikaw at ang iyong asawa ay may joint account o joint credit card

- kung maaari, maglabas ng pera na kakailanganin para sa tatlong buwan mula sa bank account o credit card kung ito ay nasa pangalan ng asawa mo, at wala kang sapat na ipon.
- agad i-block ang karapatan ng iyong asawa na magamit ang bank o credit account na nasa pangalan mo

Sa paglilitis ng kasunduan (settlement proceedings) ang mga pangangailangan ng dalawang kabahayan ay titiyakin, at ibabawas mula sa mga kita ng mag-asawa. Mula dito, ang mga gastusin para sa iyo at sa inyong mga anak ay kukuwentahin. Maaari kang lumapit sa opisina ng Serbisyong Panlipunan kung ang iyong gastos ay hindi sapat na mapunan ng iyong kita at ng sustento. Maaaring ipagkaloob sa iyo ang benepisyo dahil sa kawalan ng trabaho, depende sa iyong sitwasyon. Ang sustento para sa mga bata (alimony) ay maaaring bayaran muna ng estado sa halagang napagkaisahan sa bisa ng utos ng kasunduan na maksimum na CHF 940 bawat anak. Sa kasamaang-palad, hindi nito sakop ang gastos mo. Ang lokal na opisina na tagasingil sa iyong distrito ang siyang maniningil mula sa partido na may pagkakautang sa iyo.

## MAAAPEKTUHAN BA NG AMING PAGHIHIWALAY ANG AKING RESIDENCE PERMIT?

Kadalasan, ang karapatang manirahan sa Switzerland ay nakabatay sa pagsasama sa asawa (resident status B). May mga pagkakaiba ang mga mamamayan ng ibang bansa sa Europa, na mas madaling makakuha ng permisong manirahan sa Switzerland. Para sa mga hindi taga-Europa, maaaring mapatagal ang kanilang pananatili kung ang pagsasama ay humigit sa tatlong taon at nagkaroon ng mahusay na integrasyon. Maaari ka pa ring maglahad ng mahahalagang personal na dahilan para sa pagpapalawig ng resident's permit, lalo kung ikaw ay biktima ng karahasan sa loob ng relasyon o napatunayang lubhang mapanganib ang muling pagbabalik sa pinanggalingang bansa. Ingatan ang mga ebidensya gaya ng mga sertipikasyon ng duktor, ulat mula sa mga institusyong pangkababaihan/ advice centers o kaya mga ordinansa mula sa pulisya. Ang karapatang manirahan ay hindi dapat dahilan upang isawalang-bahala ang karahasan sa loob ng tahanan. Magbibigay kami ng mga libre at lihim na mga payo ukol sa mga bagay na ito.

## ANO ANG MANGYAYARI SA PAGLILITIS NG KASUNDUAN?

Makipag-ugnayan sa isang advice center, abogado o sa hukuman upang alamin kung ano ang nagaganap sa mga paglilitis ng kasunduan.
Kung ikaw ay pumunta sa korte na walang kinatawan ang estado (solicitor):

- huwag kang pipirma sa anumang kasunduan na hindi ka sigurado
- kaya pirmahan mo ngunit gawan ng cancelloation proviso sa loob ng 10 araw. Ibigay ang dokumento ng kasunduan sa isang abogado upang siyasatin ito at kung kailangan, isawalang-bisa o ikansela ito sa loob ng 10 araw.

Hindi maaaring dalhin ang mga bata sa korte sa panahon ng paglilitis ng kasunduan. Maglaan ng kalahating araw at asikasuhin ang paghahanap ng titingin sa mga bata nang sa gayon ay hindi ka mag-aalala o mababahala kung magtagal man ang paglilitis. Humingi sa hukuman sa tamang oras na magtalaga ng tagasalin kung hindi Aleman ang iyong pangunahing wika.

## ANO ANG MAAARI KONG GAWIN KUNG HINDI AKO SANG-AYON SA DESISYON NG KORTE?

Kung ikaw ay di sang-ayon sa desisyon ng korte, maaari kang humiling ng dahilan sa naging desisyon, o kaya magsumite ng apila sa loob ng sampung araw (tingnan ang ligal na apila sa huling bahagi ng desisyon). Kapag lumampas na ang sampung araw, ang desisyon ay ganap at pinal na, at maaari ka lamang humingi ng pagbabago o amyenda kung may mahalagang pagbabago sa sitwasyon. Kung ikaw ay bumalik sa iyong asawa, ang desisyon ay mapapawalang-bisa sa pagkaraan ng tinatayang tatlo hanggang limang linggo.

**MAS MAKABUBUTI BA SA AKIN NA HUMINGI NG KAGYAT NA DIBORSIYO?**

Ang diborsyo ay posible sa anumang oras kung kapwa partido ay nagkakaisa at kinukumpirma ang kagustuhang magdiborsyo sa lokal na hukuman ng distrito. Sa karanasan, ang ganitong klase ng diborsyo ay madalas napapawalang-bisa. Kaya't ang pagsisimula ng paglilitis ng kasunduan ang mas mabilis na paraan upang magkalinawan sa usapin ng gastos, kanino mapupunta ang bahay at pangangalaga sa mga anak. Ang diborsyo na laban sa kagustuhan ng isa ay mangyayari lamang kung lumipas na ang naitakda ng hukuman na dalawang taong magkahiwalay. Sa kaso ng walang-kalutasang pagkakasira ng relasyon, ang magkaisang-panig (unilateral) na petisyon para sa diborsyo ay maaaring isampa, ngunit ito ay mahirap makamit. Kung ang mga dahilan sa diborsyo ay pinagtatalunan, maaaring magtagal ang prosesong ito. Makipag-ugnayan sa advice center, abogado o korte para sa impormasyon ukol dito.

**ANO ANG MAAARI KONG GAWIN KUNG AKO AY PINILIT SA PAGPAPAKASAL?**

Ang malayang pagpili ng mapapangasawa ay karapatan ng lahat ng taong naninirahan sa Switzerland. Isinasawalang-bisa ng batas ng Switzerland ang mga sapilitang kasal, ito man ay nabuo sa loob o labas ng Switzerland. Makipag-ugnayan sa www.zwangsheirat.ch o sa amin. Makakatanggap ka ng payo at suporta sa ibat-ibang wika.

**ANONG PROSESO ANG MAAARI KONG SUNDIN UPANG ISAWALANG-BISA ANG REGISTERED PARTNERSHIP?**

Ang kasal sa pagitan ng magkaparehong kasarian ay rehistrado at may mga karapatan at tungkulin gaya ng pag-aasawa. Kung ang iyong partner ay marahas at nambabanta sa iyo, maaaring magbigay ang pulisya ng mga hakbang ayon sa Batas ng Proteksyon laban sa Karahasan para sa iyo at maaari kang magsampa ng pagsasawalang-bisa ng inyong pagsasama (GSG Brochure). Ang lokal na hukumang distrito sa iyong lugar ng tinitirhan ang responsable dito. Sakop din ang mga nasabing usapin at tema sa paglilitis ng kasunduan. Kung hindi kayo magkasundo ng iyong partner sa pagsasawalang-bisa, ang inukol ng batas na panahon ng paghihiwalay ay isang taon bago maigawad ang paghihiwalay (dalawang taon sa heterosekswal na pag-aasawa).

**KAMI AY NAGSASAMA NA HINDI KASAL AT NAIS KONG MAKIPAGHIWALAY**

Ang pagsasama na hindi kasal ay hindi tinuturing na ligal na pamumuhay. Mahalagang malaman na sa kaso ng paghihiwalay ng nagsasama, magkakaibang mga proseso ang sumasakop: Sa sitwasyon ng kanilang mga anak, ang proseso ng pagbibigay ng karapatan sa pag-aaruga sa mga bata at mga kasunduan sa mga karapatang pagbisita ay nasa pangangasiwa ng Child and Protection Authority (KESB) (kesb Zurich). Ang pagkukuwenta ng suporta para sa mga bata ay isinasagawa ng lokal na hukuman sa iyong distrito (BG Kanton Zurich). Ang magulang na pangunahing responsable sa pag-aaruga ng mga bata ay walang karapatan sa suporta sa kaso ng paghihiwalay ng mga nagsasama. Dumedepende sa kasunduan sa upa, at sa tulong ng may-ari ng bahay at ng dati mong partner kung sino ang mananatili sa bahay. Dahil kumplikado ang mga ligal na usapin sa mga nagsasama, malaking bentahe na humingi ng payo ng isang counseling center o abogado. Kung ang iyong kinakasama ay marahas sa iyo at sa iyong mga anak, o nagbabanta ng karahasan, maaari kang humingi ng proteksyon ayon sa Batas sa Proteksyon laban sa Karahasan (GSG Brochure).

**MGA IMPORTANTENG ADDRESS:**

**Proteksyon ng Asawa:**
www.gerichte-zh.ch
Form ukol sa Mga Hakbang sa Proteksyon ng Asawa

**Medical Certificate sa emergency cases:**
www.permanence.ch
Tel. 044 215 44 44

**Abogado/Asosasyon ng mga Abogado:**
www.zav.ch
www.anwaltskollektiv.ch
www.djs-jds.ch

**Proteksyon:**
Pulisya: 117
Bahay-tuluyan para sa kababaihan:
www.frauenhaus-schweiz.ch

**Bahay-tuluyan para sa mga kababaihan:**
www.bif-frauenberatung.ch
www.frauennottelefon.ch
www.frauenberatung.ch

**Suporta para sa mga Bata:**
www.kokon-zh.ch

**BIF IMPRESSUM**

| | |
|---|---|
| © Publisher.: | BIF Beratungsstelle für Frauen<br>gegen Gewalt in Ehe und Partnerschaft<br>Postfach 9664, 8036 Zürich<br>Tel. 044 278 99 99<br>info@bif.ch<br>www.bif-frauenberatung.ch<br>PC 87-137016-4<br>**IBAN: CH32 0900 0000 8713 7016 4** |
| Editor sa Aleman: | Karin Ernst |
| Legal Adviser: | Brigit Rösli |
| Layout: | artischock.net |
| Tagapagsalin: | Julie Palaganas, weiss traductions genossenschaft |


